



BAGONG PILIPINAS

## KAPASIYAHAN BLG. 2026-25

“NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 3, H-2025 NG BARANGAY NG SAN PEDRO, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG LABING TATLONG MILYON, ISANG DAAN PITUMPUNG LIBO, PITONG DAAN AT WALUMPUNG PISO (₱13,170,780.00).”

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*

**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba**

**SAPAGKA'T**, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pedro para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng ₱13,170,780.00;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay San Pedro at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay San Pedro, ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T**, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kautusan Blg. 3, H-2025 ng Barangay San Pedro, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2026 na nagkakahalaga ng Labing Tatlong Milyon, Isang Daan Pitumpung Libo, Pitong Daan at Walumpung Piso (₱13,170,780.00).


TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN


BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | [sbbustosbulacann@gmail.com](mailto:sbbustosbulacann@gmail.com) | [www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos](http://www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos)

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

  
**Phillip Wryner B. Santos**  
Kasangguni


  
**Romeo B. Cabalquinto**  
Kasangguni


  
**Leo T. Santos**  
Kasangguni


  
**John Erich L. Perez**  
Kasangguni


  
**Raymond R. Perez**  
Pangalawang Pangulo ng  
Liga ng mga Barangay


  
**Kyle Gabrielle DR. Navarro**  
Kasangguni

  
**Aljhaneal E. Quirones**  
Kasangguni

  
**Melvin H. Melencio**  
Kasangguni


  
**Engr. Gliceria M. Perez**  
Kasangguni

  
**Mel Ryan P. Juan**  
Pangulo ng  
Pambayang Pederasyon  
ng Sangguniang Kabataan

  
**Martin SJ. Angeles, MMPA**  
Pangalawang Punong Bayan at  
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-27 ng Enero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

  
**Atty. Gerardo S. Briasa**  
Kalihim